2 Pagrehistro ng pangaganak at pagkuha ng nasyonalidad

2-4 Pagpili ng nasyonalidad

Kapag ang bata ay kukuha rin ng ibang nasyonalidad liban sa Japanese citizenship, isabay na rin sa pagpasa ng sertipiko sa pagrehistro ng kapanganakan (shusshou todoke) para sa Japan ang notopikasyon ng di muna pagpili ng nasyonalidad o citizenship (withholding citizenship o kokuseki ryuuho). Ayon sa batas ng Japan, dahil hindi kinikilala ang pagkakaroon ng dual citizenship (nijuukokuseki) na hawak nang sabay ang Japanese citizenship at nasyonalidad ng ibang bansa, kailangang mamili ng nasyonalidad o citizenship hanggang maging 22 taong gulang.